

# Patakarang Pilosopikal: Pambungad sa Pamimilosopiya ni Roque Ferriols

Mark Joseph T. Calano, Ph.D.  
*Ateneo de Manila University*

Kaya't sasabihin ko sa iyo  
at iingatan mo ang salitang narinig mo  
ukol sa kung ano lamang ang mga landas ng pananaliksik  
na maaaring isipin.  
Na meron  
at ang hindi meron ay wala:  
iyan ang landas ng Paghihikayat  
sapagkat ito ay kaabay ni Katotohanan.  
Ngunit iyan naman  
na hindi meron at kailangan wala ang meron:  
iyan, sabi ko sa iyo,  
ay daang hindi mapaghahanapan ng anuman.  
Sapagkat hindi mo makikilala ang wala—  
hindi ito magagawa—  
at hindi masasabi.  
--Parmenides<sup>1</sup>

Ano ang pilosopiya? Napakaraming pamamaraan kung paano sagutin ang isang tanong, at napakarami ring sagot sa isang tanong. Marami nang palaisip ang sumubok na tanungin at sagutin ang tanong na ito; at ang bawat sagot ay isang pagtahak sa isang landas. Ang iba ay nagsasabi na ang pilosopiya ay isang pagmumuni-muni sa buhay na binubuo ng pagkilala at pag-aaral ng mga ideya ng mga palaisip tulad halimbawa nina Kung Fu Tzu, Platon, Mencius, Aristoteles, San Anselmo, at Martin Heidegger. Ang iba naman ay nagsasabi na ang pilosopiya ay isang uri ng pamumuhay na mas mabuting gawin kaysa isipin. Sapagkat ang unang pag-unawa sa kung ano ang pilosopiya ay ang umiiral na pag-uunawa sa kung ano ang pilosopiya, ating tatahakin at uunawain ang daang inilatag ng ikalawa. Ito ay ang pananaw na ang pilosopiya ay ginagawa.<sup>2</sup> Sa *punto de vista* na ito, makikilala ang

<sup>1</sup> Isinalin ni Padre Roque Ferriols, S.J. ang mga talinhaga ni Parmenides sa Roque Ferriols, S.J., *Mga Sinaunang Griyego* (Quezon City: Office of Research and Publications-AdMU, 1992), 53.

<sup>2</sup> Roque Ferriols, S.J., "Sapagkat ang Pilosopiya ay Ginagawa" in <http://pilosopotasyo.tripod.com/una.html> (Accessed: May 04, 2009)

pilosopiya sa pamamagitan ng pamimilosopiya; ang paggawa ay mas mabuti kaysa sa pagsabi lamang kung ano ito. Dito natin mauunawaan na gaya ng mga bagay na mas natututunan kapag ginagawa, ganun din ang pamimilosopiya; ito ay mas mabuting gawin kaysa isipin. Bagkus, ang pilosopiya ay hindi isang pag-uulit ng mga ideya at konsepto na nasabi na, kundi ay isang paggawa; ang pilosopiya ay hindi nasasabi, ito ay nahihiwatigan at nagagawa.<sup>3</sup>

Ang pilosopiya ay natututunan lamang sa pamamagitan ng pamimilosopiya; ngunit hindi ito magagawa nang mag-isa. Ang salitang Griyego na *philein*, na pinagmulan ng salitang *philosophia*, ay tumutukoy sa isang kaibigan ng karunungan. Sa ating pamimilosopiya, tayo naman ay maaaring tulungan ng ating mga kaibigan, mga katoto, o kaya naman ng ating mga kasama. Hindi maipagkakaila na sa humigit kumulang 40 taon, nagsilbing kaibigan at kasama ng Kagawaran ng Pilosopiya sa Pamantasang Ateneo de Manila ang isang paring heswita na nagngangalang Roque Ferriols. “Sa kanyang pagpapakita, pagtawag ng pansin, pagsusubaybay, pagbibigay-loob, pagmamakulit...”<sup>4</sup> nagisnan at naunawaan natin ang pangangailangang pairalin ang isang pagpapasiyang sariling atin. Nilalayan ng papel na ito na samahan si Padre Roque sa paglalakbay na ito, na umupo sa kanyang mga paa upang making at matuto, at sabay na subukang unawain ang kanyang mga pamamaraan sa abot-tanaw ng ating kasalukuyang karanasan.

Ang bawat pamimilosopiya ay isang paglalakbay sapagkat isa itong pakikipagsapalaran patungo sa katotohanan—isang pakikipagsapalaran na nagkakasaysay lamang kapiling ang iba.<sup>5</sup> Sa paglalakbay na ito, nangangailangan tayo ng mga patakarang. Mga patakarang tutulong sa atin upang mapairal natin ang isang pag-uunawa at paghahangad na likas sa atin; mga patakarang maaaring tumulong sa atin upang makita ang katotohanan. Samakatwid, ang papel na ito ay isang pagbabalangkas ng mga patakarang pilosopikal ni Padre Ferriols na nakakalat sa kanyang iba’t-ibang akda upang unawain ito at gamitin sa ating pag-danas sa meron. Sa papel na ito ipapaliwanag natin ang pamamaraan at patakarang ito sa pamamagitan ng pag-unawa sa ating 1) paggamit at paglikha ng wika; 2) maka-metapisikang na pagmumuni-muni; 3) pag-kagat sa meron; 4) at pakikipagsapalaran sa meron na meron. Sapagkat ang “pilosopiya ay gawain ng taong umiibig sa katotohanan,”<sup>6</sup> ito ay isang pakikipagsapalaran. Sa pakikipagsapalaran na ito ating unawain ang kahalagahan ng ating mga karanasan sa ating

<sup>3</sup> Ferriols, *Mga Sinaunang Griyego*, 5.

<sup>4</sup> Ferriols, “Sapagkat ang Pilosopiya ay Ginagawa.”

<sup>5</sup> Ferriols, *Magpakatao*, xiv.

<sup>6</sup> Ferriols, *Mga Sinaunang Griyego*, 2.

pakikitungo sa meron na patuloy na tumatawag, nagpaparamdam, at nagpapakita sa atin.

## Wikang Pinagsasalubungan

Sa ating pakikipaglakbay sa umiiral na pag-uunawa sa pilosopiya, nauunawaan natin na napakalaki ng papel na ginagampanan ng wika. Ang wika ay ang instrumento ng paggawa;<sup>7</sup> sa ating pamimilosopiya kinakailangan nating gamitin at pairalin ang wikang likas sa atin. Hindi naman mali at ipinagbabawal ang gumamit ng ibang wika, ang tanong lamang ay kung mauunawaan ba tayo ng mga kasama natin. Pahayag ni Padre Ferriols:

*Kasi ang pilosopiya, sa aking paniniwala, ay importante. Kaya ang mga tao ay may kakayahang mag-isip. Ngayon, kung nag-iisip ka sa Ingles sa Maynila, ang mga jeepney driver, ang mga nagwawalis sa kalsada, ang mga nagtitinda sa palengke ay hindi nagsasalita ng Ingles, parang inihihwalay mo ang pag-iisip ng tao, kailangan niyang pumunta sa ibang wika.<sup>8</sup>*

Sinasabi sa mga kataga sa itaas na ang pag-iisip ay hindi lamang nagiging possible sa wikang Ingles, sapagkat ito rin ay nagaganap sa mga taong hindi nagsasalita nito. Hindi kinakailangan ng wikang dayuhan upang ipahayag ang ating mga ideya; naniniwala si Padre Ferriols na kailangang gamitin ang wikang likas sa atin kung nais nating pairalin ang pag-iisip na sariling atin at upang mapa-iral ang isang uri ng pag-uunawa ng mundo na likas sa atin. Marahil iyong naisip at naitanong, kung bakit Filipino? Gaya ng ang pilosopiya ay maaaring gumagamit ng wikang Ingles, Pranses, Aleman, Mandarin, at Latin; hindi naman nililimitahan ni Padre Ferriols ang wikang maaaring gamitin sa Filipino sapagkat para sa kanya ay maaari rin nating gamitin ang wikang Ilokano, Bikolano, o kaya ay Cebuano. Ang mahalaga sa kanya ay sa wikang iyon natin nakakausap ang ating kapwa at nasasalubong ang katotohanan. Ang mahalaga sa kanya ay mayroon tayong wikang pinagsasalubungan—ising wika na kung saan ay nagkakatatagpo at nagkakaunawaan tayo. Ayon kay Padre Ferriols,

<sup>7</sup> Ferriols, "Sapagkat ang Pilosopiya ay Ginagawa."

<sup>8</sup> Roque Ferriols, S.J. sa panayam nila Ley Capili, Aila Casauay, at Hansley Juliano, "Ang mga Haligi: Ang simulain ng Filipinisasyon sa mata ng mga dakila," sa *Matanglawin: Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila* (Hulyo-Agosto 2008): 14.

*Kailangan mayroon kang sariling pagsasalubungan ng mga salita. Ang Filipino, pagsasalubungan nating lahat at mas madaling matutunan iyon ng mga taong wala sa unibersidad, ng mga taong nagwawalis sa kalsada, halimbawa. ... May isang lengguwahe na pinagsasalubungan nating lahat at iyon ang Filipino. Kailangan ng taong malaman ang sariling salita ng kaniyang sariling pinanggalingan.*<sup>9</sup>

Dito natin makikita ang pag-uunawa na lahat ng tao ay may natural na pagkiling sa katotohanan at ito ay hindi lamang para sa mga nakapag-aral ngunit para sa lahat din. Samakatwid, sa ating pamimilosopiya, nangangailangan tayo ng wikang pagsasalubungan. Isang wika na “[a]ng bawat kataga ay may kahulugang kilala ng lahat”<sup>10</sup> sapagkat kung walang nakauunawa sa iyo ay para ka ring walang sinabi.<sup>11</sup> Ganun din naman “[k]ung alam na ng lahat lamang ang iyong sinasabi, parang wala ka ring sinabi.”<sup>12</sup> Dito makikita ang kakaibang pag-uunawa ni Padre Ferriols sa wika. Hindi maaaring walang sabihin, ngunit sabay hindi rin maaaring lahat ay sabihin. Kinakailangan na ang wika ay may sinasabi at sabay na may di-sinasabi. Ibig sabihin ay nagkakaunawaan tayo sa bawat salita na aking sinasambit, ngunit kahit na nagkakaintindihan tayo, hindi nangahuhulugan na lahat ng aking nasasabi ay siya ngang lahat ng maaaring sabihin; laging mayroon pa, laging may higit pa. Nagkakaroon ng sinasabi kung “ang paggamit sa anumang wika ay sabay na pagtanggap sa nasabi na at pagbibigay-anyo sa hindi pa nasasabi.”<sup>13</sup> Samakatwid, kung nagtatalaban at nagsasagutan sa pagsang-ayon at pagtutol sa mga dati at bagong kahulugan lamang tayo mayroong nasasabi. Sa puntong ito, nauunawaan natin ang halaga ng pagtatalaban ng paggamit at paglikha—isang uri ng pagpapayaman ng wika. Ang bawat paggamit ng wika ay nangangahulugang may paglikha rin nito.

“Sa paggamit sa anumang wika hindi natin maiiwasang lumikha.”<sup>14</sup> Ito ay sapagkat kinukuha natin ang mga katagang nagamit na ng pagkarami-raming tao, at ating hinuhubog at binabago ang mga katagang ito upang makayanan nilang bigkasin ang ating pinakapersonal na kaisipan at pagmumuni-muni. Hinahamon ng pagtatalabang ito ang ating pananagutan, kakayahan, at inspirasyon na muling isilang at sariwain ang wikang Pilipino. Iba ang paglikha sa pag-imbento; hindi

<sup>9</sup> *Ibid.*

<sup>10</sup> Ferriols, *Magpakatao*, 1.

<sup>11</sup> *Ibid.*

<sup>12</sup> *Ibid.*

<sup>13</sup> *Ibid.*

<sup>14</sup> *Ibid.*

umiimbento ng wika ang mga taong namimilosopiya. Ang paglikha ay kailangang tupdin upang maipag-isa ang ating diwa at kaisipan sa ating wika; ito ay isang desisyong pilosopikal. Isang desisyon na hindi madali at kadalasan ay masakit. Isang kasakitan at kahirapan na hinango ni Padre Ferriols sa isang bagong pagsilang—ang pagsilang ng wika.<sup>15</sup> “At kung pamimilosopiya itong wikang ito, tatalab sa pilosopiya ang diwa nitong wikang ito at sino ang makahuhula kung anong bagong pag-uunawa ukol sa tao, sa buhay at sa daigdig ang maisisilang sa ganitong pamimilosopiya?”<sup>16</sup>

Sa puntong ito, malinaw na sa atin na ang pilosopiya ay hindi maituturo bilang isang bagay o kaya ay mahahati ng isip sa iba’t ibang katangian. “Hindi maaaring tingnan o himayin ng isip ang pilosopiya.”<sup>17</sup> Samakatwid, “[p]alagiang pagsikap ng isip at damdamin ang pamimilosopiya.”<sup>18</sup> Hindi nililikha ng palaisip ang katotohanan, bagkus hinahanap niya ito. Kung maaari niyang likhain ito, hindi na niya kailangang hanapin at pagsikapan ito. Sapagkat hindi mo na kailangang hanapin ang katotohan na kaya mong likhain. Dito mauunawaan kung bakit isang palagiang pagsisikap ang pamimilosopiya—isang patuloy at walang hanggang paghahanap. Ngunit ano ang hinahanap ng isang namimilosopiya? Ang isang namimilosopiya ay naghahanap ng katotohanan, kaalaman, at karunungan ukol sa mga nakababalisa sa kalooban ninuman.<sup>19</sup> Ang pagkabalisa ng karaniwang tao sa kanyang karaniwang karanasan ang simulain ng pilosopiya.<sup>20</sup> Ang pagkabalising ito ay nagdudulot ng karunungan “nagmamalaki’t sabay namang nagpapakumbaba.”<sup>21</sup> Ang karunungan nagmumula sa pagkabalisa ng karaniwang tao sa kanyang karaniwang kalagayan ay nakapagdudulot ng pag-uunawa. Ito ay nagsisilbing katagang batayan sa isang pamimilosopiya. Wika ni Padre Ferriols:

*...sa tunay na pagbigkas, hinuhubog ng karanasan ang kataga;  
at pinapalalim, pinatitindi ng kataga ang karanasan. Kaya’t sa taong  
nakararamdam at marunong dumanas sa kataga, ang kataga ay*

<sup>15</sup> *Ibid.*, 4. Ang paghahanap ng tao ay isa sa mga pangyayaring pinagsisilangan ng salita. Ferriols, *Mga Sinaunang Griyego*, 20.

<sup>16</sup> Ferriols, *Magpakatao*, 4.

<sup>17</sup> *Ibid.*, 4-5.

<sup>18</sup> *Ibid.*, 5.

<sup>19</sup> *Ibid.*

<sup>20</sup> Bigyang pansin ang pag-ulit sa salitang “karaniwan.” Ito ay nagsasaad na ang pamimilosopiya ay hindi isang uri ng gawain para sa mga nakapag-aral lamang kundi isang gawain ukol sa mga karaniwang karanasan ng mga karaniwang tao. *Ibid.*

<sup>21</sup> “Nagmamalaki sapagkat nakakagat sa totoo at sa bawat sandali’y natitikman niya ang katotohanan. Mapakumbaba naman sapagkat iginagalang niya ang umaapaw na katotohanan at alam niyang hindi niya masasakupan kailanman ang buong katotohanan.” *Ibid.*

*nagiging batayan na pinagmumulan ng pagtanaw, pagtataka, pag-uunawa. Sa bawat wika may mga kataga na pinag-iikutan ng pananaw, ng isang istilo sa pagdanas sa daigdig.*<sup>22</sup>

“Sa pakikipagkatoto sa sansinukob, sa paglalabas sa kinakakublihan sa mga landas ng sangtumutubo, katutubo sa taong pag-usapan ang kanyang ginagawa.”<sup>23</sup> At dito pumapasok ang kanyang paghahanap at pag-uunawa sapagkat ito ay “isa sa mga pangyayaring pinagsisilangan ng salita.”<sup>24</sup> Samakatwid, sa ating kagustuhan na umunawa, tayo ay parehong gumagamit at lumilikha. Makikita ang parehas na dinamikong ito sa maka-metapisikang pagmumuni-muni— isang pagmumuni na sumusubok na kumagat at umugat sa meron.

### **Maka-metapisikang Pagmumuni-muni**

Ang paggamit ng wika upang pairalin ang siyang likas sa ating ginagawa ay isang uri ng panginigilatis sa patuloy na pagtatalaban ng liwanag at dilim. Isang panginigilatis na ginagawa at pinagtutulungan nating mga magkakapwa-tao. Samakatwid, ito ay pagtutulungan sa pag-uunawa na maaaring 1) ituro at ipaliwanag, at 2) paniwalaan,<sup>25</sup> ito ay isang pag-uunawang palaging alanganin at naghahagilap.<sup>26</sup> Ibig sabihin, ang pag-uunawa natin ay isang pag-uunawa na walang maipagmamayabang at maipagmamagaling; ito ay isang mapagpakumbabang pag-uunawa--isang pag-uunawa na laging kulang at laging hindi kumpleto.

Ang bawat pag-uunawa ay laging kulang. Ito ay nananatiling alanganin at patuloy na naghahanap. Lahat ng pag-uunawa ay pansamantala lamang.<sup>27</sup> Habang ang lahat ng *scientia* ay nakapagbibigay ng sagot sa kanilang mga tanong - iba ang pilosopiya. Walang sagot sa mga tanong ng pilosopiya; ito ay isang patuloy

---

<sup>22</sup> Ferriols, *Mga Sinaunang Griyego*, 10.

<sup>23</sup> *Ibid.*, 20.

<sup>24</sup> Sa puntong ito, kinakailangang maunawaan natin na ang salita ay di lamang instrumento ng pakikipagusap. Sabi ni Ferriols: “Ang salita ay hindi lamang isang huning hinuhubog sa lalamunan, dila’t bibig. Iyong sandaling paggalaw ng bibig ay isa lamang matinding bahagi ng paggising at paggawa ng tao. May pagbigkas ng salita na kusang pag-apaw ng biglang liwanag; nagiging sabay bunga at sanhi ng pag-uunawa ang ganyang salita. May pagbigkas ng salita na pagtupad ng tao sa kanyang papel sa daigdig bilang taga-unawa at pag-uunawa. Ang ganyang pagbigkas ay hindi lamang nanggagaling sa tao bilang sangkap ng sansinukob, kundi isang kilus din na sansinukob na tumatalab sa loob ng tao. Kung minsan naman nagbibitawan ng salita ang mga tao sa isa’t isa habang sila’y gumagawa, upang maging wasto at buo ang gawa nagiging sangkap ng mismong paggawa ang salita—salitang kasangkapan.” *Ibid.*, 20-21.

<sup>25</sup> Ferriols, *Magpakatao*, 16.

<sup>26</sup> *Ibid.*

<sup>27</sup> “Kung liwanag ang kaalaman at dilim ang di kaalaman, agaw-dilim ang paghahanap.” *Ibid.*

na pakikipagsapalaran sa laro ng liwanag at dilim. Sa larong ito, walang kakayahan ang ating pag-uunawa na lasapin ang kabuuan ng mga bagay-bagay. Laging mayroon tayong nauunawaan, ngunit sa pag-uunawang ito ay mayroon din tayong di nauunawaan.<sup>28</sup> Ito ay pinaliwanag ni Ferriols bilang *abstractio*. Wika niya:

*May isang katagang Latin na madalas gamitin upang itukoy itong kilos ng isip na tinititigan ang isang bagay at di gaanong napapansin ang mga ibang bagay. Kinukuha ang isang bahagi at halos nalilimutan ang nalalabi. **Abstractio**. **Tractio**: isang paghila o pagkuha. **Abs**: tanda ng paghihiwalay. Ang nag-aabstraksyo ay may kinukuha, may iniwan.*<sup>29</sup>

Samakatwid, ang ating pag-uunawa ay isang paglalaro sa pagtatalabang kuha at iwan.<sup>30</sup> Sa bawat pag-uunawa ay meron akong nakukuha at sabay din naman na meron akong iniwan. Hindi ko maaaring makuha ang lahat; hindi ko maaaring maunawaan ang lahat. Abstraksyo ang tawag sa larong ito—sa buong larangan ng pagkuha at pag-iwan ng ating pag-uunawa. Ayon kay Padre Ferriols, napakaraming uri ng abstraksyo ngunit may dalawang kinagagawian ito: 1) “pagtitig nang panimdim sa iisang bagay o tao o pangyayari,”<sup>31</sup> 2) “pagtitig nang panimdim sa isang bahagi ng mararaming bagay o tao o pangyayaring kinukuhang sabay-sabay.”<sup>32</sup> Samakatwid, ito ay nagdudulot ng isang pag-uunawang maaaring partikular o kaya naman ay pangkalahatan. Likas ito sa laro ng ating pag-uunawa at kailangang tupdin ang wastong pagganap sa kilos na ito.<sup>33</sup> Kasabay nito ang kaalaman tungkol sa kakulangan ng aking kaalaman, at ang pagmumulat na di ko namumulatan ang buong katotohanan.<sup>34</sup> Ito ay isang mapagpakumbaba at makatotohanang pag-uunawa sa katotohanan na limitado ang ating bawat pag-alam at na meron pang mas higit sa lahat ng ating nalalaman; lahat ay lagi ng kulang.

Ang pag-uunawa ay tuso at mahinahon na paghahanap sa kaalaman na patuloy na nagkukubli.<sup>35</sup> Isang pagtitiyaga sa pag-akit na magpakita. Isang pagpapakita na hindi bigla at minsanan; isang pagpapakita na kunti-konti lamang. Isa itong pagtatalaba na para bagang paurong-

<sup>28</sup> “Hindi maiiwasan na titigan natin ang isang bagay. Ngunit baka malimutan natin na kung alam na natin ang isang bagay, maraming ibang bagay na di natin alam. Kung alam natin ang isang bahagi, maraming ibang bahagi na hindi natin pinaghihinalaan.” *Ibid*.

<sup>29</sup> *Ibid.*, 17.

<sup>30</sup> *Ibid.*

<sup>31</sup> *Ibid.*, 18.

<sup>32</sup> *Ibid.*

<sup>33</sup> *Ibid.*

<sup>34</sup> *Ibid.*

<sup>35</sup> Ferriols, *Mga Sinaunang Griyego*, 13.

sulong—pagpapakita at sabay na pagtatago.<sup>36</sup> Isang pag-uunawa at pakikiisa sa ritmo ng pagmemeron. Kung tutuusin, “ang talagang meron ay dapat ituring na nililigawan at nagpapakita, pinapaahon at umaahon sa liwanag...mula sa dilim na kinakakublihan.”<sup>37</sup> Dito sa pagtatalaban na ito ng *abstractio* natin makikita ang pagbubuo ng konsepto.

Ang konsepto ay labi ng pagbigkas sa meron.<sup>38</sup> Ito ay bakas lamang ng sariling pag-uunawa at pagmamalay sa meron na nagmumula sa isang kabalintunaan: “sa pondo ng kawalang malay ay may bukal na pagmumulat sa aking sinaunang pagkabuklod sa meron.”<sup>39</sup> Isang pagbubuklod na hindi nakaugat sa konsepto o sa pormula, “ngunit umiiral at tumatalab sa lahat ng kilos ng aking isip at pagmamalay.”<sup>40</sup> Ito ay isang pag-uunawa at pagmamalay na hindi nasasabi kung hindi ay nagagawa—isang pag-iiral na nariyan at nararanasan.<sup>41</sup> Ang sinaunang karanasang ito ang siyang patuloy na binibigkas ng wika. Ang pagbigkas na ito ang isang pagbigkas ng meron ukol sa meron. “[K]ung madalas akong magbalik-tanaw sa aking pagbigkas sa meron, ang sinaunang ito ay maaaring maging lantad sa aking pag-uunawa”<sup>42</sup> --isang paglalantad na maaaring maging pormula.

Ang pagpapakita at paglalantad na ito ay umaasa sa kadalasang pakikipagtagpo sa nagmemeron. Isang palagiang pakikipagtagpo na gumigising sa aking pagtataka. Isang pagtataka na nag-uudyok na kilatisin ang nagmemeron.<sup>43</sup> Patuloy na pagbabalik-tanaw ang pagtatakang ito sa pinagtakahan o pinagtatakahan:<sup>44</sup>

*Baka sa unang pagtanaw ay hindi ko pa nakikilala kung ano ito, ngunit tumatalab na sa akin na meron ngang talagang nangyayari dito, at sa mula't mula pa ay inaangkin ko na, binibigkas ko na, na kung ano man ito, ay tiyak na meron nga ito.*<sup>45</sup>

<sup>36</sup> *Ibid.*

<sup>37</sup> *Ibid.*, 14.

<sup>38</sup> Roque Ferriols, S.J., *Pilosopiya ng Relihiyon* (Quezon City: Office of Research and Publications-AdMU, 2004), 21.

<sup>39</sup> Ferriols, S.J., *Pilosopiya ng Relihiyon*, 21. Para kay Ferriols, ang konsepto ay labi lamang ng ating karanasan. Ferriols, *Pambungad sa Metapisika* (Quezon City: Office of Research and Publications-AdMU, 1991), 27.

<sup>40</sup> Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 21.

<sup>41</sup> Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 26. 24.

<sup>42</sup> Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 21.

<sup>43</sup> Paliwanag ni Ferriols, “At ang pagtataka ay hindi bakas na inukit ng mga pangyayari sa kawalang malay, kundi likas na udyok ng ating pagkatao.” Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 28.

<sup>44</sup> “Lumilitaw ang tunay na mukha ng konsepto: bunga ng ating nakaraang pagtataka, sangkap ng umiiral nating pagtataka, at sabay bunga’t sanhi ng ibayong pagtataka.” Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 29.

<sup>45</sup> Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 21. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng konsepto para kay Ferriols. Hindi ito basta basta lamang isinasantabi. Aniya: “Habang nagtataka ang tao, hindi niya paliligiran ng guhit ang kanyang nalalaman. Hindi ko sinasabi na kanyang itataboy ang konsepto o ipabubura ang guhit na lumiligid sa konsepto, sapagkat kailangan ang konsepto. Kailangang gawing mga katangian ang



Sa pagkakataong nailahad, ating nauunawaan at nakikilala ang meron. Natatauhan ako sa aking pagtataka “na sabay kong nauunawaan at hindi nauunawaan ang meron.”<sup>46</sup> Sa pag-uunawang ito, aking natuklasan na hindi lamang mga katangiang nagmemeron ang nakataya, kundi ang aking pagkatao.<sup>47</sup> “Sabay kong nauunawaan ang hindi-ako at ang ako na nagmemeron; ang ako na bumibigkas sa meron at bukas sa lahat ng meron: bukas sa mga meron na talab na talab sa akin, at sa mga meron na ibang-iba at malayong-malayo sa akin.”<sup>48</sup> Dito nauunawaan at nahihiwatigan ang aking sinaunang pagkakabuklod sa meron na hindi nasasabi o masasabi.

Ang pamimilosopiya ay isang pag-amin at paghanap. Isang pag-amin at paghanap na nakakubli sa isang tanong: Meron ito, ngunit ano ito?<sup>49</sup> Ang sagot sa tanong ay isang mapagkumbabang kaalaman na kasabay ng pagmumulat ay ang katotohanan na lubusang hindi ako nakakaalam.<sup>50</sup> Samakatwid, “[m]eron ito: iyan ay alam ko at hindi ko rin alam... Kaya’t ang sinaunang pangyayari, ang pakikipagtagpo sabay pag-angkin sa isang nagmemeron ay palaging may katangiang tanong” at pagtatalaban ng parehas na alam at di-alam.<sup>51</sup>

Palagiang tanong ang pakikipagtagpo sa nagmemeron; ito ay laging gumugulo at gumigising sa ating natutulog na kaalaman. Ngunit ito rin ay may katangiang malayang pasya sapagkat ang bawat pagtaka, pag-angkin, at iba pa, ay nangangailangan ng pagbabaling at pagtutuon ng loob sa meron.<sup>52</sup> Maaari namang umayaw sa meron o kaya ay “mabara sa isang uring takot na buksan ang sarili sa meron.”<sup>53</sup> Maaari ding umurong at matakot sa meron—sa isang katotohanan na mas higit pa sa atin. Samakatwid, isang pakikipagsapalaran na nangangailangan ng malayang pasya ang pakikipagtagpo sa meron.

Kaya naman “[k]apag wasto ang paggamit, ang konsepto ay nagiging katipunan ng nakaraang karanasan, nagiging potensyal sa pagpapatuloy sa tanong, kaalaman-di-kaalaman, malayang pasya.”<sup>54</sup> Ang konseptong gumagamit sa ganitong paraan ay tinawag ni Padre Ferriols na “bungang isip.”<sup>55</sup> Paliwanag niya:

---

ating mga natuklasan na, at paligiran ito ng guhit, nang maging maayos ang ating pag-iisip.... Kaya’t hindi ko sinasabi na mali ang paglagda ng guhit sa paligid ng konsepto. Ang sinasabi ko ay: Habang nagtataka ang tao, hindi niya paliligiran ng guhit ang kanyang nalalaman. Ang konsepto ay sangkap na mahalaga, ngunit sangkap lamang, instrumento sa pagpapairal sa pagtataka ng tao. Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 28.

<sup>46</sup> Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 21.

<sup>47</sup> Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 29.

<sup>48</sup> Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 21.

<sup>49</sup> *Ibid.*

<sup>50</sup> *Ibid.*

<sup>51</sup> *Ibid.*, 21-22.

<sup>52</sup> *Ibid.*, 22.

<sup>53</sup> *Ibid.*

<sup>54</sup> *Ibid.*

<sup>55</sup> Tinalakay ang bungang isip sa Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 29-31.

*Depinisyo ng konsepto: kaisipan na may malinaw na nilalaman at tumpak na hangganan. Depinisyo ng bungang isip: konseptong inilubog muli sa pinanggalingang pagtataka; konsepto bilang nilikha sa pagtataka, tigib sa pagtataka, naging bahagi na ng udyok ng pagtataka. Sa ganitong depinisyo, nagiging panawagan sa masusi, disiplinado, at walang sawang paghahanap, ang katagang 'bungang isip.'<sup>56</sup>*

Samakatwid, nagiging possible lamang ang bungang isip kung ito ay batay sa pag-uunawa na ang meron ay patuloy at walang hanggang nagmemeron. Sa pag-uunawa ng dinamikong meron na patuloy na nagmemeron, kinakailangan ang tuluyang pagkagising at pag-antabay sa meron na hindi makokonsepto at hindi mahuhulaan, pero kailangan palaging abangan.<sup>57</sup> Ngunit, kahit na nangangailangan ng pagsisikap at paggising sa pag-antabay sa meron, nagkakaroon pa rin ng problema na mula sa isang uri ng katamarang isip na nagpapahina sa pagsisikap at unti-unting nagpapawagi sa antok at pagkatulog.<sup>58</sup> Ibig sabihin, ang bungang isip ay di tapat sa meron na patuloy na nagmemeron, bagkus isang pagtakas rito. Isang paghahangad na maunawaan ang kabuuan ng meron at ipako ito sa ating kalooban. Isang uri ng katamarang manatiling gising sa pagpapakita ng meron na maihalalintulad natin sa katamaran ng taong natutulog o nakatutulog sa pagdating ng Ibong Adarna.

### **Pagkagat sa Meron**

Habang ating inuunawa ang ating pakikipagsapalaran sa meron, ating naunawaan ang isang uri ng atitud. Isang atitud ng pagmumulat at pagpapaka-alisto sa malawak at siksik na meron. "Atitud na gumagamit sa konsepto at sistema at agham, pero hindi nagpapakulong sa hangganan ng konsepto o sistema o agham... bagkus gumagalaw at nagbubulaga sa malawak at palaging lumalawak na abot-tanaw ng meron."<sup>59</sup> Ito ay isang pagbubukas-loob sa patuloy na pakikipag-abot ng meron. Isang atitud ng patuloy na tumutubong malay tao na hinding-hindi malalagom ng salita, ngunit ay maipapahiwatig nito:

*Kapag binigkas ng tao ang meron, siya ay bahagi at sakop ng meron, at sabay nagmemeron sa loob ng meron. Kaya't ang pagbigkas niya sa meron ay pag-amin, pagkilala, pagtanggap, paggalang sa meron; desisyon at malayang pasya; pagtalima sa dapat; pagtaya sa sarili sa isang tuluyang pagtuklas at paghanap.<sup>60</sup>*

<sup>56</sup> *Ibid.*, 29.

<sup>57</sup> Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 22.

<sup>58</sup> Tinalakay ang katamaran ng isip sa Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 50-56.

<sup>59</sup> Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 26.

<sup>60</sup> *Ibid.*, 26. Tingnan ang pakikipagtalaban ng agham at meron sa Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 165-209.

Hinding-hindi maaaring maunawaan ang kabuuan ng meron. Hinding-hindi natin ito maaaring isubo nang buo at lunukin. Tayo ay nakagagat lamang sa meron—isang pagkagat na isa ring pagtikim lamang dito. Ang mga susunod na pagmumuni-muni ay isang halimbawa ng pagsisikap na gumalaw sa loob ng ganitong paninindigan.

Sa ating pagtanaw sa ating kapaligiran, ating nauunawaan na lahat ng ating nararanasan ay meron. Lahat ng umiiral ay meron. Ang meron ay hindi konsepto; ito ay isang paksa.<sup>61</sup> “Natatauhan tayo na ang meron ay isang paksa na malawak, malalim, walang hangganan...ngunit ang mayaman na paksang iyan ay nagpapakita sa atin ayon sa iba’t ibang may hangganan na patakaran.”<sup>62</sup> Bawat pag-iral ay isang pagganap sa kanyang sariling pagpapakita ng meron sa pamamagitan ng kanyang katiting na pagmemeron. Ibig sabihin, sa ating kani-kanyang mga pamamaraan ay naipapakita nating katiting na pagmemeron. Katiting lamang sapagkat kakarampot lamang ito sa kabuuang nagmemeron. “Sapagkat ang bawat nagmemeron na pumapaligid sa atin, sakop na rin ng ating sarili, ay para bagang isang tagaganap, ayon sa limitadong abot-kaya, sa isang katiting na pagpapakita ng di matarok na paksa.”<sup>63</sup>

Bawat pagmumulat at pag-uunawa sa meron ay limitado. Ang bawat pag-iral at katiting na pagpapakita ay limitado. “Ang bawat limitadong nagmemeron ay ibang-iba sa bawat kapuwa limitadong nagmemeron, pero hawig na hawig din.”<sup>64</sup> Isang pagkaiba na nagaganap sa meron; isang pagkahawig na nagaganap din sa meron. Kaya naman ang bawat katiting na pagmemeron ay may pagkakahawig at may pagkakaiba. “Ang bawat nagmemeron na ating napapansin, sakop uli ng ating sarili, ay tinitirik ang sarili sa loob ng abot-tanaw ng meron, ang bawat isa, ayon sa kanyang bukod tanging istilo ng pagmemeron.”<sup>65</sup> Samakatwid, ang bawat istilo na ating napagmamasdan ay isang limitadong pagpapakita

<sup>61</sup> *Ibid.*, 121. Ang temang meron bilang paksa ay makikita sa *Ibid.*, 120-134.

<sup>62</sup> Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 26.

<sup>63</sup> *Ibid.*

<sup>64</sup> Ang sabay na pagkakaiba at pagkakahawig ay tinatawag na analohiya. Tignan ang Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 147-164.

<sup>65</sup> Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 26. Pinaliwanag ni Ferriols ang kahalagahan ng abot-tanaw. Aniya: “Sapagkat sa wastong pagtingin sa anomang bagay ay nagaganap lamang sa isang abot-tanaw. Iba ang kulay ng asul kapag ang abot-tanaw ay pula o berde. Iba ang anyo at mismong buhay ng isang punong kahoy kapag ang kapaligiran ay kagubatan o isang matrapik na kalsada. Iba ang aking tingin sa iyo kapag tayo ay nagkatagpo sa eskwelahan o sa loob ng isang eroplano. Iba ang aking pag-uunawa sa iyo kapag dinalaw kita sa iyong sariling abot-tanaw kaysa kung walang-malay kitang pinilit magpakita sa loob ng aking sariling abot-tanaw.” Ferriols, *Mga Sinaunang Griyego*, 1. Samakatwid, ang meron ay nauunawaan lamang sa pamamagitan ng isang abot-tanaw.

ng nagmemeron, isang katititing at piraso lamang ng nagmemeron; itong limitadong nagmemeron na pumapaligid sa atin ay sakop palagi ang ating sarili.

Ayon sa mga pilosopo ng mga nakaraang panahon, iba iba ang ating karanasan ng meron depende na rin sa tindi at antas ng pagmemeron.<sup>66</sup> Lahat ay limitado, ngunit nagpapakita ng isang aspeto ng meron.<sup>67</sup> “Ang ibig sabihin ng “limitado” ay: Pinapakita nga ang paksang “meron”, pero sa mismong pagpapakita ay nagpapahalata na hindi ito ang buong paksa.”<sup>68</sup> Ibig sabihin, ang limitadong pagpapahiwatig ng meron ay hindi pagbabawas sa kabuuan nito o sa kasaganahan ng paksa ng meron. “[A]ng limitadong meron ay namamahagi sa kayamanan ng paksa ng meron, kaya’t lumilitaw nang katiting ang kayamanan ng paksa.”<sup>69</sup> Isang paglitaw na hindi nakababawas, ni katiting, sa kabuuan at kayamanan ng paksa. Isang paksang hinding-hindi maaaring ibahagi ng iisang patakarang, kundi “hindi mabibilang ang mga iba pang paraan kung paano maaaring ibahagi ang paksa ng meron.”<sup>70</sup> Sabi nga ni Ferriols, “Lahat ng paghahawig ay magkukulang, sapagkat walang pagkahawig na kayang sakyan ang katotohanan, na nasisilayan natin “mula sa malayo”, ngunit di natin kayang bigkasin.”<sup>71</sup>

Kung iisipin natin ang ating napagmuni-munihan, lilinaw sa atin na ang kilos ng ating pag-uunawa na talagang nakararating at sabay nararatnan ng pagmamalay at pag-angkin sa meron ay nakaugat sa pagbigkas sa meron.<sup>72</sup> Sa pagbigkas na ito, malaki ang naitutulong

<sup>66</sup> Sa pag-uunawa sa mga pilosopo ng nakaraang panahon, ginamit ni Ferriols ang patakarang tanaw at tarok. Ayon sa kanya napakahalaga ang dalawang patakarang ito. Kaya naman sasaglit tayo sa kanyang paguunawa sa dalawang ito dito. “Sa unang patakarang magiging layunin nating pag-aralan ang mga inisip ng bawat palaisip na umiral na. Sa ating pagsubok sa paggawa nito, ating matatanto na hindi ito posibleng gawin sa napakaikling panahon. Kaya naming nagiginbg importanteng kilatisin—sa abot n gating makakaya—kung sino ang mga importanteng palaisip sa mahabang panahon at subukang kunin ang buod ng mga pagmumuni-muni ng bawat isa. Kaya’t ang bunga ng ating paghahanap ay magiging isang katipunan ng mga nilagom na kuru-kuro ng sari-saring palaisip” [*Ibid.*] Itong patakarang ito ay tinatawag ni Ferriols na ‘tanaw’. Ang pangalawang patakarang naman ay isang matindi at siksik na pag-uunawa sa sari-saring kuro-kuro. Ani Ferriols: “Sa halip na kilalaning pahapyaw ang maraming palaisip, masusi nating uunawin ang ilan sa mga bantog na pilosopo. Matindi at siksik, sa halip ng malawak at sabog. Kahimanawari’y matauhan tayo kung gaano kalalim ang hindi natin nauunawaan at sa ganitong para’y makarating tayo sa katiting ngunit tunay na pag-uunawa.” [*Ibid.*] Itong patakarang ito ay tatawagin nating ‘tarok’. Para kay Ferriols sa kanyang patakarang pilosopikal, hindi sapat na iisa lamang ang gagamiting patakarang. Hindi pilosopiya kung tanaw lamang ang gagamitin at hindi tarok. Ganun din naman kung ‘tarok’ lamang at hindi ‘tanaw’. Kung kaya ang gagamitin ang ‘tanaw’ bilang tulong sa ‘tarok’. [*Ibid.*]

<sup>67</sup> Tignan ang iba-ibang aspeto ng meron na nagpakita sa mga pilosopo ng mga nakaraang panahon. “Meron, bilang maganda” kay Platon [Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 123-131]; “Meron, bilang buhay” kay Sto. Tomas [*Ibid.*, 132-133, 136-146]; at iba pang mga palaisip tulad ng kay Teilhard de Chardin (*Ibid.*, 210-234).

<sup>68</sup> Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 27.

<sup>69</sup> *Ibid.*, 27-28.

<sup>70</sup> *Ibid.*, 28.

<sup>71</sup> *Ibid.*

<sup>72</sup> Cf. Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 120.

ng paghahambing.<sup>73</sup> Sapagkat mayroong hangganan ang bawat pagpapakita ng nagmemeron. Sa puntong ito, ating nauunawaan na ang pagbigkas sa meron ay isang isang pagdanas-masid-kilatis. Ang tatlong kataga ay may taglay na paghahambing ng pag-uunawa sa pagdama at pagtingin.<sup>74</sup> Dito, nauunawaan natin ang nais ng taong makiisa sa meron, gumalaw sa meron kahit na hindi pa natin talos ang meron. Isang pakikiisa na nakaugat sa kagustuhang damahin at pagmasdan ang mga nagpapakita at nakikitang pahatid ng talagang totoo, nang tayo ay makahantong sa talagang totoo.<sup>75</sup> Ito ay isang pagdanas sa meron na nararanasan—isang “masusing pagdanas at pagtingin.”<sup>76</sup>

Sa masusing pagdanas at pagtingin na ito, nakikita ang bawat baytang ng meron na nagmemeron “sa kanyang sariling antas at uri, tumutubo at nakakarating, o nagsisikap makarating, sa kaganapan, pero palagi ayon lamang sa potensyal ng kanyang sariling baytang na “parang piraso”, isang “pakikibahagi” sa isang paksa na naaaninagan “mula sa malayo.””<sup>77</sup> Samakatwid, ang limitadong meron ay laging kulang, ngunit laging buo sa kanyang sariling antas—isang uri ng pagganap sa kanyang sariling nibel. Buo ngunit kulang ang pakikipagsapalaran sa meron. Isang kabuuan na nakabase sa kanyang nibel, ngunit isang kakulangan na nakabase sa kabuuan ng paksa:

*Ang bawat nilalang ay pinapatindi ang kanyang meron; ginaganap ang kanyang kabuuan; pero palagi sa mga limite ng kanyang sariling baytang. Habang binubuo niya ang kanyang sariling meron, nahahalata na ang kanyang kabuuan ay “parang piraso” ng buong yaman ng meron. Sa kanyang mismong paglampas sa mga hangganan, nahahalata na umiiral pa rin siya sa kanyang baytang, at ang kanyang baytang ay isa lamang katiting na “pakikibahagi” sa di matalos, pero nasisilayan pa rin, na paksa ng meron.<sup>78</sup>*

Lahat ng nilalang ay nakikibahagi sa meron. Ito ay isang pakikibahagi na nagaganap sa sariling pagtirik sa abot-tanaw ng meron—isang abot-tanaw na patuloy na tumatawag at nagpapakita. Isang pagtawag na nangangailangan ng tugon. Isang tugon na maihahambing sa pagkagat o sa pagkapit sa meron. Isang pagkagat

<sup>73</sup> Ayon kay Ferriols, malaki lamang ang tulong ng paghahambing kung mauunawaan natin na ito ay isang tulong lamang. Kapag ito ay hindi na nauunawaan bilang isang tulong, ito ay nakahahadlang na sa ating pag-uunawa sa nagmemeron. *Ibid.*, 120. Tignan din ang *Ibid.*, 110-119.

<sup>74</sup> *Ibid.*, 120. Tignan din ang Ferriols, “Pambungad na Pagmmumuni-muni,” 8-18. Naririto makikita ang paguunawa ni Ferriols sa pagtatalaban ng pandama at pagtingin. Mayroon ding malalim na paguunawa sa kataga si Ferriols na matatagpuan sa Ferriols, *Mga Sinaunang Griyego*, 10-25.

<sup>75</sup> Cf. Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 120.

<sup>76</sup> *Ibid.*

<sup>77</sup> Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 28.

<sup>78</sup> *Ibid.*

lamang, hindi isang paglunok. “Napakalawak ng meron upang lunokin.”<sup>79</sup> Kaya naman ang bawat akto ng pakikibahagi sa meron ay akto ng pagiging totoo.<sup>80</sup> Sapagkat ang bawat pagpapakita ng limitadong meron ay isang pagpapakita ng katiting na talagang pagmemeron. Tayo ay nakakagat lamang sa katiting na ito—isang kagat na maaaring magpatikim sa atin sa meron, ngunit ito ay isang patikim lamang.

Sa puntong ito, kinakailangan nating maunawaan na sa buod ng pagbigkas ng meron ay “ang kakayahan ng taong kumilatis sa meron, kumilala sa meron, matauhan sa posibilidad ng pagkakamali at sabay sa posibilidad na magkaroon pa rin ng tunay na pagbigkas sa meron.”<sup>81</sup> Ngunit ito rin ay isang kakayahang limitado sapagkat hindi niya kayang sakupin ang meron. Laging marupok ang kanya-kanyang pagmemeron. Ito ay isang kabalintunaan na nag-uudyok sa atin na unawaain ang kakayahang huwag magmeron:

*Napapansin natin na ang bawat meron na ating nararanasan sa buong sanglibutan ay may katutubong karupukan. Ang bawat isa ay nagmemeron, pero bahagi ng kanyang pagmemeron ay ito: na maari siyang huwag magmeron. Wala sa kanya ang poder na magmeron o huwag magmeron. Kailangan na tinatanggap niya sa bawat sandali ang biyaya ng kanyang pagmemeron, sapagkat kung siya lamang... wala siya. At kung kailangan na palaging tinatanggap ang biyaya, kailangan na may palaging nagdudulot ng biyaya.*<sup>82</sup>

Sapagkat lahat ng ating pagmumuni-muni ay dulot ng sistema ng mga konsepto na sumasagabal sa atin, natatanto natin na narupok ang lahat ng mga nagmemeron na pumapaligid sa atin, pati na rin ang ating sariling pagmemeron. Isang pagtalos na maaari sanang wala ang daigdig na ating kinaiiralan, pero ayan...nagmemeron.<sup>83</sup> Sa ating patuloy na pag-uunawa sa meron, ating nakikita na tayo ang pinakamatinding magmeron sa lahat ng sanglibutan, ngunit ito rin ang dahilan kung bakit tayo rin ang nakadadanas ng ating sariling karupukang magmeron—isang karupukang tumitiyak sa atin na “lahat ng mga ibang meron sa buong sanlibutan ay mas marupok pa sa atin at wala rin poder sa kanilang meron.”<sup>84</sup> Samakatwid, lahat sila, pati na rin tayo, ay walang hinting tinatanggap ang biyaya ng meron.<sup>85</sup>

<sup>79</sup> Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 121.

<sup>80</sup> Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 28.

<sup>81</sup> Ferriols, *Pambungad sa Metapisika*, 121.

<sup>82</sup> Ferriols, *Pilosopiya ng Relihiyon*, 29.

<sup>83</sup> *Ibid.*, 30.

<sup>84</sup> *Ibid.*, 31.

<sup>85</sup> *Ibid.*

## Mismong Meron

Sapagkat ang sanglibutan ay sabay marupok at matinding nagmemeron, ito ay tanda na mayroon talagang nagpapameron sa lahat. Ang nagpapamerong ito ay kinakailangang talagang umiiral.<sup>86</sup> Isang pag-iral na nasa akto rin ng pagmemeron, akto ng pagka-talagang-totoo.<sup>87</sup> Isang akto na walang limitasyon sapagkat hindi ito piraso o pakikibahagi sa meron. “Kailangan na ang paksa ng mismong meron ay sukduhan, at higit sa sukduhan na akto ng pagmemeron.”<sup>88</sup> Isang pagmemeron na hindi nalilimitahan ng antas sapagkat ito ay nasa labas ng antas. Ang antas ng meron ay nakaugat sa kanya. Hindi niya kailangan ang antas ng pagmemeron, ngunit kung wala siya ay wala rin ang antas ng pagmemeron. “Ito’y sanhi, lumalang at lumalalang sa lahat ng linalang na, kung sila lamang, ay wala, pero ngayo’y nagmemeron.”<sup>89</sup>

Dito, humahantong tayo sa pag-uunawa sa talagang totoo—ang mismong meron. Sapagkat ito ay hindi maaaring sakupin ng anumang baytang, gaano man kataas o kalawak ito.<sup>90</sup> Ang meron ay dapat walang limite, mismong paksa ng meron, at ubod-tigib-apaw na akto ng pagmemeron.<sup>91</sup> Ito ang meron na hindi lamang lumalang, kundi patuloy na lumalalang sapagkat ang mga nilalang ay marupok, at sa bawat sandali ay walang bisang magmeron kung hindi sila binibiyayaan sa bawat sandali ng lumalalang. Ang lumalalang ay maaaring tawaging Mismong Meron, o kaya ay “ang Meron na Meron.”<sup>92</sup>

Ang Mismong Meron at Meron na Meron ay nakaugat sa isang pag-uunawang patuloy na nakikipagsapalaran at umaasa sa biyaya ng Meron—isang pakikipagsapalaran sa katotohanan na patuloy na nag-uudyok sa atin na tumugon sa tawag ng Meron. Isang pagtugon na pilit na binibigkas ng wika, ngunit ay mas nauunawaan dahil sa paggawa. Sa paggawa na tugon at sagot sa tawag ng Pag-ibig. Kaya naman sabi ni Padre Ferriols, at bilang pangwakas sa papel na ito...

---

<sup>86</sup> Ayon kay Ferriols, ang pag-iral ng nagpapameron ay isang pag-iral na hindi lamang limitado sa isang idea o teorya, kundi isang sukduhan ng talagang totoo. Isang sukduhan ng meron. Isang sukduhan hindi maaring maging pinakamatinding antas ng meron na nararanasan sa ating daigdig at sa isa’t isa sapagkat ito ang nagpapameron sa lahat laban sa wala. *Ibid.*, 32.

<sup>87</sup> *Ibid.*, 28.

<sup>88</sup> *Ibid.*, 28-29.

<sup>89</sup> *Ibid.*, 32-33.

<sup>90</sup> *Ibid.*, 29.

<sup>91</sup> *Ibid.*

<sup>92</sup> *Ibid.* Kinakailangang unawain na ang tinatawag nating “sukdulang meron” “lumalang” “lumalalang” Mismong Meron” “Meron na Meron” ay hindi talaga maaaring bigyan ng pangalan. Ayon kay Ferriols, ito ay isang pagbubulas lamang. Isang pagbubulas na may katangian na rin ng sagot na maaring magbunyag ng totoo. *Ibid.*, 33. Sa tanong kung paano binibigkas ang Meron na Meron, ito ang sagot ni Ferriols: “Makatutulong ang mga puna ni Sto. Tomas. Kapag sinasabi natin na ang Diyos ay mabuti, makatarungan, maawain, marunong...totoong meron tayong binubunyag ukol sa kanya. Sa ating pamimilosopiya,

*Sa landas ng maaaring huwag magmeron, natutuklasan natin ang Meron na Meron bilang bias, poder, kapangyarihan na nagpapameron sa lahat ng mga limitadong meron na likas na maaaring huwag magmeron. At matauhan tayo na sa bawat sandali'y pinamemeron niya ang bawat isa sa atin sa kanyang pag-uunawa, sa kanyang kaloobang nagbibigay-buhay, sa kanyang pag-ibig...ang hindi umibig ay nagkukulang sa meron, kaya't dapat na ang Meron na Meron ay Pag-ibig.*<sup>93</sup>

## SANGGUNIAN

- Capili, Ley, Casauay, Aila, at Hansley Juliano. "Ang mga Haligi: Ang simulain ng Filipinisasyon sa mata ng mga dakila," sa ***Matanglawin: Opisyal na Pahayagang Pangmag-aaral ng Pamantasang Ateneo de Manila***. Hulyo-Agosto 2008.
- Ferriols, S.J., Roque. "Sapagkat ang Pilosopiya ay Ginagawa" sa <http://pilosopotasyo.tripod.com/una.html> (Accessed: May 04, 2009)
- , ***Mga Sinaunang Griyego***. Quezon City: Office of Research and Publications-AdMU, 1992.
- , ***Pambungad sa Metapisika***. Quezon City: Office of Research and Publications-AdMU, 1991.
- , Patnugot. ***Magpakatao: Ilang Babasahing Pilosopiko***. Quezon City: Office of Research and Publications AdMU, 1979.
- , Pilosopiya ng Relihiyon. Quezon City: Office of Research and Publications-AdMU, 2004.
- Rodriguez, Agustin Martin. ***Pag-ibig ang Katwiran ng Kasaysayan: Tadhana at Kapalaran sa Pilosopiya ng Kasaysayan ni Max Scheler***. Office of Research Publications-AdMU: Quezon City, 2008.

---

posibleng makakamit ng tunay na paghagilap, paghipo sa karunungan, tunay na pagsulyap sa liwanag ukol sa Diyos. *Formaliter*, ayon sa intrinsikong katotohanan, meron tayong mga talagang sinasabi; kahit na papaano'y may tunay na pagtalab sa kanya ang ating paguunawa. Ngunit, *eminenter*: sa bawat pagbigkas, kailangan na maingat kong maalala na totoo nga ang aking sinasabi, pero totoo sa isang paraan na lampas na lampas sa kaya kong masakyan, sa aking kayang guni-gunihin. Kaya'y hindi maaring huwag aminin ang *per negationem*: ang paghindi. Hindi ayon sa limitadong pag-aakala ko.... Mas alam ko pa kung ano siya hindi, kaysa kung ano siya. At iyan ay mapakumbaba pero tunay na kaalaman pa rin." *Ibid.*, 45.

<sup>93</sup> *Ibid.*, 44-45. Tingnan ang Agustin Martin Rodriguez, *Pag-ibig ang Katwiran ng Kasaysayan: Tadhana at Kapalaran sa Pilosopiya ng Kasaysayan ni Max Scheler* (Office of Research Publications AdMU: Quezon City, 2008.) para sa mas malalim na pag-uunawa at pagpapatuloy sa tema ng pag-ibig.